

Prologue

"I'll name her Artemis Yvangeline."

I was smiling so wide right as I carried my own baby girl. Hindi ko pa alam kung paano ang magiging buhay ko pagkatapos ng araw na ito, but I was damn happy upon seeing my daughter. Hindi ako makapaniwala! I have my own daughter.

I looked at Nita, the mother of my child. She's not my girlfriend, just someone I had fun with. A party girl, a happy-go-lucky kind of woman I met at the bar a year ago and now here we are. Sa dami ng babae ko, si Nita lang ang naging constant sa kanilang lahat. Hindi ko rin maipaliwanag. Maybe it's because she knew me well—not that well, pero nasasakyan niya ang lahat ng gusto ko.

She eyed me. There was a smile on her face. "What?" I asked her.

"Kailan ang kasal natin?"

Tumaas ang kilay ko. How dare her! Biglang bumilis ang tibok ng puso ko. Hindi dahil sa takot kundi dahil sa galit. I had always told Nita that I

was not into marriage. Hindi ko alam kung bakit mahirap intindihin iyon.

Wala akong balak magpakasal. Hindi dahil hindi ako naniniwala sa pagmamahal or such things. Naniniwala ako. I've seen my parents together, my uncles with their wives, my friends. I know love exists, hindi nga lang bagay iyon sa buhay ko.

“Hindi kita pakakasalan, Nita. Alam mo iyan,” I smirked. Nagulat ako nang ngumiti siya.

“Alam kong magbabago pa ang isip mo. Nand'yan naman na si Baby.”

I sighed when I realized that something in her changed. It was as if she suddenly started caring. I just stared at her. Alam kong may nagbago na, something in her eyes changed. Kung mabuti ba iyon o hindi, hindi ko alam. Ibinalik ko ang atensyon ko sa aking anak na nasa loob ng nursery. She was wearing pink mittens and a pink baby dress. She looked so cute. Alam kong magugustuhan siya ng mga magulang ko.

“When are you gonna marry her?” Iyon ang tanong ni Mama sa akin noong una niyang hawakan si Artemis. Tuwang-tuwa siya sa apo niya. Isinasayaw niya pa si Yvana habang pinapadede.

“Hindi, Ma. Ayokong magpakasal. Being married is not my calling.”

Sa tuwing tatanungin ako ng mga tao sa paligid ko ay iyon ang isinasagot ko. Kasama ko man o hindi si Nita, iyon ang palagi kong sagot.

Lumipas ang ilang buwan, Yvana turned three

months old and looked incredibly beautiful. I always spent time with her. Isang araw, dinala ko siya sa park. Nita was with us.

“Hermes, kailan mo ba ako pakakasalan? Naiinip na ako.”

“Sinabi ko nang hindi, di ba?! I won’t marry some girl I just met in a bar!” sigaw ko, sabay kuha kay Yvana. We played at the sand park. Hindi ko na pinansin si Nita.

Natapos ang araw na iyon. I kissed my daughter goodbye and left Nita’s house. Hindi pa ba sapat na ibinigay ko ang buong pangalan ko sa anak namin? Gusto niya pa ngayon ng kasal?

Kinabukasan ay bumalik ako sa bahay nila. The door was opened, I got in. And when I got inside, wala akong nakita kundi ang isang sulat. Binasa ko iyon.

Hindi ako lilitaw hangga’t hindi mo ako pakakasalan, Hermes. Hinding-hindi mo makikita ang anak mo.

Nita

“F*ck!

1

I stood in front a huge bed while watching the girl I met from a certain bar satisfy herself. I grinned as I watched her fingers play with her cl*t. She was biting her lip. She was moaning from so much pleasure. I knew how sensitive her femininity was now, and I was just waiting for that moment when there would be so much tension inside her, at doon lang ako aatake.

“H-Hermes!” She moaned my name again. Hindi niya ako nakikita. I blindfolded her with my favorite silver ribbon. She looked so sexy with only that on her face. She was naked from head to foot. Her legs were spread in a very compromising way. From where I stood, I could see all of her. Wala siyang maitatago.

I climbed the bed. “Lie down,” I ordered. And she did. Lumuhod ako sa kama. Her face was underneath me. “Open that lovely mouth, honey.” She was an obedient girl. Lahat ng sinabi ko ay ginagawa niya. “No hands, baby, don’t touch me,” wika ko pa.

She nodded. She opened her mouth and I put

my hardened member inside it. Napaungol pa ako nang maramdaman ko ang bibig niya sa palibot ko. I closed my eyes. Humawak ako sa headboard ng kama and then, I started thrusting inside her mouth. She moaned. I opened my eyes and just looked at her. Nasa gilid niya ang dalawang kamay niya at alam kong ganoon na lang ang pagpipigil niyang hawakan ako.

“Play with your cl*t, honey,” utos kong muli. Pinanood ko siya habang inaabot niya ang parteng iyon ng kanyang katawan. I was feeling so much intensity. She was choking and I intended to do just that. I wanted to be satisfied. Sex was my stress reliever. I needed a woman on my bed every f*cking night.

Pero hindi naman kung sino lang. I made sure that they were the best of the best. Women from my social circle. I deserve this kind of women for I am Lukas Consunji’s son, Hermes Atlas Cai Consunji, and just the surname alone explained everything.

“I’m coming, baby!” I said. I let all my manly juices poured into her mouth. I stayed in that position. I knew that she was finding it hard to breathe but I didn’t care. I needed to be satisfied. Matapos iyon ay umalis ako sa kanyang bibig. I placed myself in her middle. I looked at my shaft, it was still rock hard. I positioned myself on her c*nt and pushed in. She screamed.

“F*ck!” She even sobbed. Napangisi lang ako.

“Dammit! Masakit!”

Another virgin who wanted a piece of my mighty eagle. She was crying. I wanted to stop, pero paano naman ako? Alam kong mamaya ay mawawala na rin naman ang sakit. I kept on thrusting.

Mayamaya ay napapaungol na siya. I saw her bit her lip again. I slowed down my pace, but changed it to a faster movement as the seconds passed by. Not a moment later, she was sighing and her walls were contracting. I was buried deep inside her and it felt so damn good. Nawawala lahat ang iniisip ko. Nawawala ang pagod ko sa bawat galaw na ginagawa ko.

Muli siyang napasigaw. “Hermes!”

I gave her a dreaded look. I smirked. “It’s Hermes, baby, without H. Hermes.” I was tired of girls who could not pronounce my name right. I was about to come. I pulled my mighty eagle and let cum flow on her breasts. I asked her to play with her breasts with cum on it and she obliged. Matapos iyon ay tumabi ako sa kanya. Inalis ko ang blindfold niya. Her eyes were closed, and she was breathing heavily.

“Good job for a first timer, dear,” wika ko sa kanya. Iminulat niya ang kanyang mga mata pagkatapos ay ngumiti.

“Can we do this again, Hermes?” she even asked me. I shook my head, smirking.

“Sorry, dear. You don’t matter anymore. See you around.” I got up from the bed and picked up my

clothes one by one, went to the bathroom, took a quick shower, and fixed myself. Hindi naman ako nagmamadali dahil sa estado ng babaeng iyon ngayon ay hindi siya makakatayo. She was too sore to even move. Nang lumabas ako ng bathroom ay napangisi ako nang makita kong nakahiga pa rin siya sa kama, but this time she was crying.

“As*hole! Matapos kong ibigay ang sarili ko sa ‘yo, ganito na lang ang gagawin mo sa akin! Itatapon mo ako na parang basura!”

Hinarap ko siya. “I didn’t ask you to give yourself to me. You volunteered and I was too kind to say no. Goodbye, dear. Won’t be seeing you.”

I walked out of the door and left the hotel. I sighed and grinned. Wala pang sinumang babae ang makapagtatali sa isang Hermes Consunji. I am not stupid. I only needed three things in life—money, family, and sex.

Those words were enough to describe who I am.

But in a much easier way of describing myself: I am Hermes Atlas Consunji, Lukas Consunji’s firstborn and I am just like my father.



“Dapat kasi pinagsasabihan ang bata na mali ang ginagawa niya at hindi ini-spoil, Mrs. Quatana.”

Napasimangot ako habang nakikinig sa principal ng school na pinapasukan ng anak kong si Artie. Tinitigan niya kasi ang bata na para bang may sumpang dala ang anak ko. Hindi naman puwede sa

akin iyon. Ni hindi nila pinakikinggan ang paliwanag ng anak ko pagkatapos kung makapagsalita sila, akala nila ay sila ang mas agrabyado sa mga pangyayari.

“Madame Principal, sinubukan ninyo na po bang pakinggan si Artie?” turan ko. “Napapansin ko po kasi, palagi na lang si Mrs. Tranate ang bida kapag papatawag ninyo ako. Hindi ninyo po ba napapansin na paulit-ulit lang tayo at ang anak ko na naman ang masisisi?” naiinis na tanong ko. Sinusubukan kong maging kalmado. Naramdaman kong hinawakan ni Artie ang kamay ko. Napatingin ako sa kanya.

“Mama, relax ka lang,” bulong niya.

I couldn't believe that my six-year-old daughter was trying to calm me down. Nakakapanggigil ang mukha ni Mrs. Tranate. Mukha siyang lechon. Kulang na lang ay ang mansanas na ilalagay sa bunganga niya at maisasama na siya sa parada ng mga lechon kapag fiesta. Gigil na gigil ako.

“Totoo naman, palaging si Artie ang nang-aaway sa anak ko.” Niyakap pa nito ang anak na obese na nakaupo sa tabi niya. Napangiwi ako nang makita kong kumakain pa ng *Chiz Curls* ang anak ni Mrs. Tranate. “Kawawa naman ang anak ko, naapi.”

“Bullsh*t, Mrs. Tranate!” Napamura ako.

“Mrs. Quatana!” pagalit na sigaw ng principal. Napatayo ako at dinuro ko ang babae.

“Matagal na akong nagtitimpi diyan sa anak mo, Mrs. Tranate! Alam mo ba kung bakit siya palaging inaaway ni Artie? Dahil palagi niyang kinukuha ang

lunch ng anak ko! Hindi lang iisang beses na umuwi si Artemis nang gutom dahil sa kanya at dahil wala naman ako palagi sa tabi ng anak ko, I taught her to fight back. Hindi puwedeng habambuhay na aapihin ng anak mo ang anak ko.”

Binalingan ko naman ang punong-guro. ”And you’re wrong, Mrs. Principal, my daughter isn’t a spoiled brat! She just knows how to defend herself at a young age, and if you can’t comprehend that then we may have a problem!”

“Mama, tama na po.” Hinatak ni Artie ang dulo ng t-shirt ko. I pushed my hair behind my ear at saka tiningnan sila.

“Hindi po ako bastos, Mrs. Principal, Mrs. Tranate, pero nakadepende ang ugali ko sa kung paano ninyo ako tratuhin. At kung hindi ninyo kayang tratuhin nang maayos ang anak ko, iaalis ko siya sa school na ito. Goodbye and thank you.” Binalingan ko si Artemis at saka niyaya siyang umalis na. Lumabas kami ng principal’s office at saka naglakad paalis.

Bago ako tuluyang makaalis sa opisina ay narinig ko ang mga tao roon na bumulong ng “Disgrasyada.” Alam kong ako ang tinutukoy nila. Nakaramdam ako ng panghihina. Naupo muna ako sa isa sa mga benches doon. Nakasukbit sa likod ko ang bag ni Artie.

“Mama, okay ka lang ba?” tanong niya sa akin. Ngumiti ako. Hinaplos niya ang mukha ko. Tinanggal ko naman ang baseball cap niya. Lumadlad ang

mahaba at itim na itim niyang buhok. Umabot iyon sa baywang niya. She was wearing her uniform. Ang natatandaan ko, puti iyon kaninang umaga pero ngayon ay brown na iyon. Napailing ako.

“Pawis ka na, ’be,” sabi ko sa kanya. “Ang dumi pa ng uniform mo.”

“Mama, sorry, inaway mo tuloy iyong principal namin at iyong mama ni Bruno.”

Umiling ako. I cupped her face. I asked myself how it was possible for me to love Artie like this, hindi naman siya sa akin nanggaling.

“Okay lang, ’be. Ang mahalaga, okay ka. Di ba turo ko sa ’yo na kapag inaapi ka, lumaban ka. Wala pang Quatana na naapi at naalipusta!” matapang na pahayag ko. Napahagikgik siya at niyakap ako.

“I love you, Mama!” Pinugpog niya ng halik ang mukha ko. Nauwi ang usapan namin sa tawanan at pangungulit niya. Bago kami tuluyang umuwi ay nagpabili pa siya ng ice drop. Namili ako ng dalawa— isa sa kanya, isa sa akin.

“Mama, hindi mo na ba talaga ako ibabalik sa school na iyon?” tanong niya sa akin. Grade two na si Artie. Advance kasi siya. Sinabi ni Nanay sa akin, baka daw genius ang anak ko. Gusto ko nga siyang ipasok sa *St. Thomas School for Creative Minds and Arts* para makasiguro na maalagaan siya roon. Sa mura niya kasing edad, masyado na siyang maraming alam, hindi lang kalokohan, kundi pati na rin sa academics. I was really proud of her.

“Oo, ’be. Hahanap na lang ako ng ibang school mo. Baka doon ka na lang mag-aral sa *St. Thomas*. Gusto ko kasi doon ka. Baka next week dalhin na kita doon,” tugon ko.

“Mama, di ba mahal doon?”

Napailing ako. “Oo, pero may trabaho si Mama. Saka baka lumipat ako ng ibang company, mas malaki ang suweldo, mapapag-aral na kita sa private school.” Napangiti ako. Hinawakan ko ang kamay ni Artie at naglakad na kami. Nang makarating kami sa bahay ay agad siyang sinalubong ni Nanay at niyakap. Mahal na mahal niya ang apo niya. Nakangiting pinagmasdan ko sila.

“Be, akyat ka na, palit ka ng damit, ha? ’Tapos magpahinga ka na rin,” bilin ko sa kanya bago siya pumasok sa loob ng bahay. Binalingan ko naman si Nanay para magmano. Nakangiti siya sa akin.

“Nina, kamusta sa school?” tanong niya saka umupo sa bangkito malapit sa pinto. Naupo ako sa tabi niya.

“Nabuwisit ako doon sa nanay ng Bruno na ’yon, ’Nay. Ililipat ko na lang si Artie sa ibang school, sa *St. Thomas*. Mas maaalagaan siya doon. Alam ninyo naman na genius iyang apo ninyo.”

“Hindi ba mahal doon?” Tumango ako. “Tamang-tama, nagpadala ang ate mo ng pera, magagamit mo iyon para sa—“

“Hindi ako tatanggap ng kahit na anong pera galing kay Nita, Nanay. Iniwan niya si Artie. Wala

na siyang karapatan sa anak ko. Anak ko na iyon. The moment she left her to me just to be with that man, she had lost her right as the mother of my kid. Akin si Artie, walang makakakuha sa kanya,” pagalit na wika ko. Huminga nang malalim si Nanay.

“Nina, huwag ka namang magalit masyado sa kakambal mo.”

Umiling ako. “Hindi po ako galit sa kanya, ‘Nay. Sadyang hindi lang ako natutuwa sa ginawa niya sa anak ko.” Matapos iyon ay iniwan ko na si Nanay upang umakyat sa itaas para tingnan si Artie. Natagpuan ko siyang nakahiga sa kama namin habang tulog na tulog. I smiled. Hinaplos ko ang mukha niya at saka hinagkan siya sa pisngi.

“I love you,”be. I love you so much.”



“Mama, gumising ka na! S’abi ni Lola may interview ka ngayon! Mama!”

Napangiwi ako nang tampalin ni Artie ang pisngi ko. Mulat na ang mga mata ko, pero tinampal pa rin niya ako. Buti nga at maliit lang ang mga kamay ni Artie kaya hindi gaanong masakit. Napangiti ako nang makita ko siyang napapahagigik.

“Mama, bangon ka na. Natimpla ko na kape mo. ‘Tapos maligo ka na. Di ba may interview ka ngayon sa bago mong boss?” Nagtatalon siya sa kama.

Tumango ako pagkatapos ay bumangon na rin. Binilisan ko ang kilos nang makita kong alas siete na ang umaga. Alas ocho ang interview ko at baka ma-

traffic pa ako sa daan kaya kung anong ligo at anong suklay na lang ang ginawa ko.

Matagal ko nang balak lumipat ng kompanya. Iyong kaklase ko noong college ang nakahanap sa *Consunji Systems*. Doon namin gustong lumipat. Sinabi kasi ng kakilala niya sa loob na maganda ang pasahod, at may kasama pang mga benefits. Mabait din daw ang big boss nila. Iyon siguro ang dahilan kung bakit nagtatagal sila sa trabaho nila roon. After hearing those things, I suddenly wanted to have that so I could give my daughter a good life. Ginusto ko iyon at sisiguruhin kong makukuha ko para sa kanya.

Nang matapos akong magbihis ay agad akong nagpaalam kay Artie. I asked for a good luck kiss and she gladly gave it to me. Umalis na ako ng bahay. I texted my friend. Sinabi ko na magkita na lang kami sa mismong opisina. Nag-taxi ako para hindi ako ma-late. I smiled. Alam kong magiging maayos ang interview ko.

Narating ko ang *Consunji Systems*. Pumasok ako sa loob ng building para maghintay sa lobby. Maganda ang interior ng opisina, it was very homey. I was about to sit down at the waiting area when someone grabbed my arm tightly. I gasped. Nang humarap ako ay nakita ko ang isang lalaking naka-suit and tie. His eyes pierced through my soul. Galit na galit ang mga mata niyang iyon.

Nakadama ako ng kaba.

“Woman,” he spoke. Para bang hindi bumubuka

ang bibig niya. “Where the f*ck is my daughter?!”
Pahigpit nang pahigpit ang hawak niya sa braso ko.
“What daughter?!”

2

Padaskol kong binawi ang braso ko mula sa kanya. Matiim pa rin ang pagkakatingin niya sa akin. Hindi ko maintindihan kung para saan ang galit na iyon sa kanyang mga mata. Para bang inis na inis siya sa akin. Para bang malalim ang pinaghuhugutan ng galit niya at hindi ko talaga maintindihan kung bakit.

Ngayon ko lang siya nakita. His eyes were so deep and so dark that it actually gave me the chills. Parang kay lamig ng mga matang iyon. Nakatiim ang mga bagang niya. Nakakuyom ang mga palad. Nanlaki ang mga mata ko nang bigla niyang hinawakan ang mukha ko saka piniga ang mga pisngi ko. Napadaing ako sa sakit.

“Where the f*ck is my daughter?!” he hissed again. Lumapit siya sa akin. Binitawan niya ang mukha ko at muling kinuha ang braso ko para hatakin ako sa kung saan.

Natagpuan ko na lang ang sarili kong sumusunod sa kanya sa loob ng elevator. Masyadong mahigpit

ang pagkakahawak niya sa akin na nakakaramdam na ako ng sakit. Hindi ko maintindihan ang nangyayari. Anong anak ba ang sinasabi niya? Matalino ako pero hindi ko siya talaga maintindihan. Hindi ko maisip ang mga sinasabi niya.

Bumukas ang elevator at ang tumambad sa akin ay ang isang napakalaking opisina na may security monitors sa gitna mismo nito na napapaloob sa mga salamin. Pabalya niya akong itinulak sa itim na sofa roon at saka nagpalakad-lakad sa harap ko.

I watched him. Nakakaramdam na ako ng kaba. Mukhang siyang papatay sa hitsura niyang iyon. Hindi ako makahinga. He started making calls, pero ang mas naintindihan ko lang ay ang paulit-ulit niyang sinasabing: "I found her."

Ilang ulit kong tinanong sa sarili ko kung ano ang ibig niyang sabihin. Natatakot na ako. Mamamatay-tao ba siya? Papatayin ba niya ako? Kukunin niya ba ang puri ko?

Gusto kong umiyak. Paano na si Artie at ang mga pangarap ko para sa kanya? Paano na lang si Nanay? Paano na ang pamilya ko kung papatayin niya ako? Nangilabot ako nang muli niya akong tingnan. Napakatalim ng mga mata niya.

"Nasaan ang anak ko?" His voice was hoarse and deep. I swallowed. Sinubukan kong tumayo kahit na nanginginig ang mga tuhod ko. "Nasaan ang anak ko, Nita?!"

My eyes widened right after hearing that name.

Iyong tuhod kong nanghihina kanina pa ay tuluyan nang nawalan ng lakas. Napaupo ako. Nita. Nita. Nita. Si Nita ang binabanggit niyang pangalan!

My tears fell. Isa lang ang ibig sabihin nito. Napapikit ako at nayakap ko ang sarili ko. Siya ang ama ni Artie! Napasinghap ako nang hatakin niya ang braso ko at saka itinayo ako. Napakahigpit ng pagkakahawak niya sa akin. Bumabaon sa buto ko ang bigat ng kamay niya.

“You b*tch!” he hissed at my face. “You have the guts to come here after almost seven years of hiding my child! How dare you! And you have the gall to act as if you don’t know me, Serenity! How dare you! I could kill you with my two hands! B*tch!” Itinulak na naman niya ako sa sofa para muling hatakin patayo at alugin.

Hindi ako makapagsalita. I don’t deserve this! Hindi ako ang dapat nasasaktan! Hindi niya dapat malaman kung nasaan si Artie kung siya nga ang ama ng anak ko.

Oo, anak. Anak ko na si Artemis Yvangeline. Hindi man ako ang nagluwal sa kanya, galing naman siya sa puso ko. I love her with all that I have—no matter how little that was. Mahal na mahal ko siya at hindi ako papayag na mawala siya sa akin.

“Bitawan mo ako!” I finally had the strength to yell at him. Nakita kong lalong nagalit ang expression ng mukha niya. Nanlaki ang mga mata ko nang sampalin niya ako. Natigagal ako. Hinatak niya

ang buhok kong abot ng balikat at saka inilapit ang mukha niya sa mukha ko.

“Hinahanap ko ang anak ko, Nita. Dalhin mo ako sa sa kanya, kung hindi’y papatayin kita!” Halos hindi bumubuka ang bibig niya. Natatakot na talaga ako.

“T-tulong!” I yelled. I saw his evil grin. Napalunok ako.

“Walang tutulong sa ’yo. This is *my* company, *Consunji Security*. You are never safe here unless you tell me where my daughter is.”

“Wala! Wala kang anak! At hindi ako si Nita!” napapaiyak na wika ko. Lalong humigpit ang kamay niya sa buhok ko.

“Ang kapal ng mukha mo! Sinungaling!” He grabbed my hair even tighter.

“Bitiwan mo ako! Parang awa mo na...” Sagana sa luha ang mga mata ko. Wala siyang awa. Iyon ang paulit-ulit kong sinasabi at iniisip. Wala siyang awa. Mukhang papatay talaga siya para lang makuha ang gusto niya.

Mayamaya ay narinig kong bumukas ang elevator. Ang buong akala ko ay bibitiwan na niya ako pero hindi. Ang sumunod na narinig ko ay boses ng isang lalaki.

“Hermes? What’s going on, man?” That was when he let go of my hair. Nakita ko ang isang lalaki na halos kahawig din niya. Mas matapang lang ang mukha ng lalaking bagong dating. He wore a dark blue suit and a pink tie. Kunot na kunot ang noo nito.

Halos magkasingtangkad ang dalawang lalaki, pero mas malakas ang dating ng isang ito. I wondered who he is—who are they, kung ano ba ang kinalaman nila sa buhay ko.

“Ares, this is the b*tch who took my daughter away,” sabi niya. Napapalunok lang ako. Napasinghap ako nang makita kong nagbago rin ang expression ng bagong dating na lalaki.

“You b*tch!” said the man he called Ares. Inilang hakbang niya rin ako. Sabay silang humawak sa braso ko at halos magkapanabay ang tanong.

“Nasaan si Yvana?!”

“Hindi ko alam! Hindi ako si Nita! My name is Eternity Quatana! Nina for short! I don’t have any idea what you two are talking about!”

“Call Dad, Ares,” sabi niya sa lalaking nasa kaliwa ko. Bumitaw sa akin ang isa at saka kinuha ang telepono nito. Hinatak naman ako ang lalaking galit na galit sa akin at pinaupo ako sa swivel chair sa likod ng malaking table. He took both of my hands and from his pocket, he took out a silver silk ribbon. Napaawang ang mga labi ko habang pinapanood ko kung paano niya itali ang mga kamay ko. Hindi ako makahuma.

“You will stay here until you tell me where my daughter is, *Nita*.” Binigyan niya ng emphasis ang pangalan ng kakambal ko. He walked away. All I could do was watch him.

I took a deep breath. For the nth time, I could

feel nothing toward my sister but hatred. I hated her! I hated how she could turn my life around. I so much hated her.



“I hate virgins.”

I mumbled that while I was looking at Nita. Nasa tabi ko si Ares. Hinihintay lang naming dumating si Papa para masimulan na ang pakikipag-usap sa babaeng halos sumira na sa buhay ko. How brave of her to come here and act as if she didn't know me? Nakakagalit! Mapapatay ko siya.

“What a random thought! You thought of that while looking at the woman you tied up using your favorite silver silk ribbon. You are thinking erotic things again, dear bro,” natatawang wika ni Ares sa akin. Binalingan ko siya.

“I'm not. I just remembered the woman I met two nights ago. She was a virgin and I hate virgins.”

“Is that why you waste time de-flowering their vaginas?”

“Yup!” Ngumisi ako. “How about your wife? Was she a virgin?” tanong ko pa. I remember Ares hated virgins, too. Ayaw niya sa mga babaeng walang karanasan. Masyado raw clingy, iyon ang ipinagkaiba namin. I liked my women innocent.

Napangisi ang kapatid ko. “Yep! My first and only.” There was this mischievous smile on his face. He seemed really in love with his wife. Napailing lang ako. “Ano'ng gagawin mo diyan sa babaeng

iyan?” usisa niya sa akin. Huminga ako nang malalim.

“Sa oras na makuha ko ang anak ko, idididispalya ko siya. Papatayin ko siya,” naiinis na sagot ko. Tiim na tiim ang mga bagang ko.

“Papatayin? Meaning, ipapaubaya mo sa reyna ang gagawin sa kanya?” I nodded. Hera would take care of her. Sa oras na makabalik ang kapatid ko, dadalhin ko si Nita sa kanya at sila ang magtutuos.

Hera was a mean bully. Nagalit din siya nang sobra noong kunin ni Nita si Yvana mula sa akin. I missed my daughter so much. I remembered Hera telling me that not marrying Nita wasn't my fault. Kung ayaw ko pa talagang magpakasal, walang makakapilit sa akin. I was not in love with Nita. Loving wasn't my calling.

“Sirs, nandito na po si Sir Luke.”

Napatayo kami ni Ares matapos marinig ang boses ng secretary ko. I looked at the door and my father was there. He was wearing his signature *Armani* suit. He looked at us. It was as if I was looking at my future version.

“Pa, she's there.” Itinuro ko ang aking table. Doon tumingin si Papa. Pinakatitigan niya si Nita pagkatapos ay nilagpasan kami ni Ares. Sumunod kami. Nita was already looking at us.

“Who tied her up?” Lukas Consunji's voice roared.

“I did, Papa. Baka tumakas,” mabilis na sagot ko. Tinitigan ako ni Papa. He tapped my shoulder.

“Good thinking, Hermes. I’m so proud.” Binalingan niya ang babae. “Nasaan ang apo ko?” tanong niya. Nita looked at my father.

“Hindi ko alam! Wala akong itinatagong bata at hindi ako si Nita! Ako si Nina! Eternity ang pangalan ko!”

I shook my head. Napakasinungaling ng babaeng ito! Naiinis na nilapitan ko siya para hatakin patayo.

“Kapag pinanindigan mo pa ang kasinungalingan mo, idedemanda kita ng kidnapping, Nita! My brother is a ruthless lawyer! I’ll sue you!”

“Sige, magdemanda ka, g*go!” nanlilisk ang mga mata na sigaw ng babae. “Iyong babaeng idedemanda mo ay nasa Germany, nakikipagpasarapan sa lalaki niya! *Hindi* ako si Nita! Nina ang pangalan ko. Nina. Nina! Ang bobo mo!”

Umigkas ang kamay ko para sampalin muli siya nang tinawag ako ni Papa.

“Bitaw, Hermes,” maawtoridad na wika niya. Wala akong nagawa kundi ang sumunod sa aking ama. “Ares, tingnan mo ang bag niya,” utos pa ni Papa.

Ares obeyed. Hindi nagtagal ay may inilabas siyang mga ID. Ibinigay niya sa akin ang isa. It was Nita’s face but it had a different name.

Quatana, Eternity de Mesa

Single

29 years old

I looked at her. She was biting her lip. “Kakambal ko si Nita,” mahinang amin niya. “Pero wala siyang i-iniwang a-anak sa akin.” Kumunot ang noo ko.

“Hermes,” tawag ni Ares sa akin. May iniaabot siya sa aking litrato. Kinuha ko iyon. My eyes widened. I swallowed hard.

“That’s my daughter!” sigaw ni Nina. “Anak ko siya sa pagkadalaga!”

Tinitigan ko siya nang masama. Hindi ko na napigil ang sarili ko. Kahit nakaharap si Papa ay nasampal ko ang babaeng iyon. Napakasinungaling niya!

“If she is really your daughter, then explain to me why this kid looks like my mother when she was about this age. Explain!”



“Here, put this on your cheek.”

Nginitian ako ng lalaking tinatawag na ‘Ares’ ng lalaking sumampal sa akin. Tinanggap ko ang ice pack na iniaabot niya sa akin. Hindi na nakatali ang mga kamay ko.

Kanina ko pa paulit-ulit na tinatanong sa sarili ko kung ano ba ang nagawa ko para ako ang makaranas ng ganito. I had always hated the fact that I had a twin sister who looked like me. Naiinis ako. Nawawalan ako ng identity.

Dapat si Nita ang nakaranas ng cruelty ng mga lalaking ito. Si Nita dapat ang nasa sitwasyon ko,

pero palaging ako ang naiipit sa lahat ng kalokohan niya. Noong bata kami, siya ang palaging magaling, ang palaging unang kilala. Wala namang problema sa akin, mas gusto ko talaga ng tahimik na buhay. Noong bata ako, ang gusto ko lang ay ang maging inventor. I loved machines, I loved building new things at noong nasa tugatog ako ng aking pangarap, binago lahat iyon ni Nita.

Nasa Silicon Valley ako noon. I was a scholar in a prestigious university. I was on top of my class. I was about to graduate. Maaabot ko na sana ang pangarap ko at may bonus pa. Kasama ko si Jethro, ang lalaking mahal na mahal ko; engaged na kami noon. We were just waiting for our graduation, but Nita called me and asked me to come home. Emergency raw.

Hindi ako nagdalawang-isip. Umuwi ako ng Pilipinas. Iniisip ko kasi na isa lang iyon sa mga antics niya, pero pag-uwi ko sa bahay namin, si Nanay lang ang nadatnan ko at may kasama siyang eight-month old baby. Ni hindi ko alam na may pamangkin na ako!

“Nay! Ano na naman bang kabaliwan ang ginawa ng paborito ninyong anak?” galit na sigaw ko. Karga ni Nanay ang bata. Iyak ito nang iyak at pilit akong inaabot. Iniiwas ko ang tingin ko rito. The baby looked so adorable kabit na umiiyak ito.

“Mama! Mama!” paulit-ulit nitong sabi. Umiling ako.

“Patabimikin ninyo nga iyan!” inis na wika ko.

"Iyan ang sinasabi ko sa 'yo, 'Nay! Gagawa ng kalokohan iyang anak ninyo 'tapos kayo naman ang magsisisi sa huli. Para saan pa na pinauwi ako? Nakakainis!"

"Nina, huwag kang sumigaw, natatakot si Artie sa 'yo," malumanay na wika ni Nanay. "Hindi ko alam kung nasaan ang kapatid mo, pero kung tinawagan ka niya para pauwiin, ibig sabihin inihahabilin niya sa 'yo ang bata."

"At bakit sa 'kin? May pangarap ako! A baby will ruin my dreams, Nanay! Kung ako nga hindi ako nag-aasawa pa, aalagaan ko pa ba iyan?!" sigaw ko. Sinabayan iyon ng palahaw ng iyak ng bata.

"Hay naku, Nina!" Lumapit siya sa akin pagkatapos ay iniabot ang baby. "Hawakan mo muna si Artie at ihing-ihing na ako!"

Iniwang kami ni Nanay. Tumigil naman sa pag-iyak ang pamangkin ko. Nakatingin lang siya sa akin pagkatapos ay bigla siyang ngumiti. My jaw dropped. My heart skipped a beat. Bigla ay parang gusto kong maiyak.

"Ma-ma!" Her left hand reached for my face. Bigla ay napatawa ako.

"Hay, baby... wala naman ang mama mo. Ako si Tita Nina," sabi ko pa na para bang naiintindihan niya ako.

"Magaan na rin ang loob mo sa bata..." Napatingin ako kay Nanay na nakabalik na pala. Tiningnan ko siya.

"Sira-ulo kasi iyang anak ninyong isa..." ang tangi kong nawika.

Dahil sa pagdating ni Artie sa buhay ko, nakalimutan ko na ang mga pangarap ko. I even broked my engagement with Jethro. Hindi na ako bumalik sa US para tapusin ang thesis ko. I just stayed with Nanay and Artie. I had to make a living for the family. Kailangan ako ni Artie at aalagaan ko siya. Iyon lang ang tanging naging misyon ko sa buhay.

Bago siya mag-one year old, doon ko na-realize that I had fallen deeply in love with my niece. Mahal na mahal ko na si Artie at noon ko naisip na akin na siya talaga. Regalo siya ng Panginoon sa akin at dahil doon, aalagaan ko siyang mabuti. I will never let anyone harm her.

Pero paano ko gagawin iyon ngayon kung kaharap ko ang mga taong maaaring kumuha sa kanya mula sa akin?

“Sino ba kayo?” tanong ko matapos kunin ang ice pack. Nagkibit-balikat ang kausap ko.

“Atty. Ares Consunji. I’ve quit my practice, pero kung hindi mo ibibigay sa amin ang pamangkin kong si Yvana, hindi ako magdadalawang-isip na hawakan ang kasong isasampa sa ‘yo.” Ngumisi siya. Tumaas lang ang kilay ko. Hindi ako natatakot sa kanya. Mas natatakot ako sa kapatid niya.

And speaking of the devil, bigla na lang siyang dumating. Hinatak na naman niya ako na para bang papel lang ako.

“Aray! Nasasaktan ako!” sigaw ko pero para bang wala siyang narinig. Tuloy-tuloy lang kami sa

paglakad hanggang sa makarating kami sa elevator. I saw him push the lock button. Hinarap niya ako. Para bang palagi na lang mainit ang ulo niya. He grinned at me devilishly. Pinalis niya sa kamay ko ang ice pack. Nalaglag iyon sa sahig. Inilapit niya ang sarili niya sa akin.

Nanlalaki ang mga mata ko. Halos lumuwa na iyon nang ilapat niya ang mga labi niya sa bibig ko. Kinagat niya ang ibabang bahagi ng labi ko pagkatapos ay hinapit ako nang husto sa kanya. He taunted the insides of my mouth with his tongue.

Napasinghap ako. Ang init ng mga labi niya! Napapapikit ako kahit na ayoko. His kisses were becoming mean. He was savagely kissing me. Naramdaman ko na hinawakan niya ang mga kamay ko at inilapat iyon sa dibdib niya. Lalo akong napasinghap nang maramdaman ko sa loob ng blusa ko ang maiinit na palad niya. He was now caressing my breasts. Ni hindi ko namalayan na nakalas na niya ang bra ko. Bumaba ang kamay niya at lumapat iyon sa hita ko. I wore a tight black skirt and he took advantage of that situation. His lips never left mine. Nakadilat ako, siya rin. He stared at me while his hand was on the sensitive part of my body.

“Sh*t!” Para akong kinuryente nang maramdaman ko ang paghaplos na ginawa niya sa ‘down there’ ko. Sinubukan ko siyang itulak, pero nanigas ang buong katawan ko nang maramdaman ko ang dalawang daliri niya sa loob ko.

Natigilan siya. “P*tang-ina!” Lumayo siya sa akin. “You’re a f*cking virgin! You’re *not* Nita!”

“Eh, g*go ka pala! Kanina ko pa sinasabi sa ’yo!” balik-sigaw ko. Napailing siya.

“P*tang-ina talaga!”

Akala ko ay titigil na siya, pero nanlaki ang mga mata ko nang lumuhod siya sa harapan ko at ibinuka nang maigi ang mga hita ko. My eyes widened when I felt his lips down there. I gasped hard. Nailapat ko na lang ang likod ko sa malamig na pader ng elevator. Nanginginig ang mga tuhod ko. I closed my eyes. Why was he doing this to me?

Hindi ko mapigilan ang sarili ko at napasigaw ako. I could feel his tongue lashing back and forth. Suddenly, there was something in the middle of my abdomen; I was feeling agitated. Moments later, I felt like something inside me had exploded.

Noon ko napansin na tumayo siya. Ipinulupot niya ang braso niya sa baywang ko.

“Ang bastos mo! Mahalay ka!” sigaw ko. Wala akong magawa. Naiyak ako. I felt so used and abused.

“Yeah. I’m a f*cking Consunji, you know. Now, ihahatid kita at sasabihin mo sa akin kung nasaan ang anak ko.” Binuhat niya ako na para bang bagong kasal kami. Kahit paano ay nagpasalamat din ako, hindi ko rin kasi alam kung makakayanan ko pang tumayo. Hindi ko alam kung makakalakad ako. Nasa parking lot na kami. Tumutulo ang luha ko.

“Why are you crying?” he even asked.

Gusto ko siyang sakalin. Hinalay niya ako! Sinampal nang dalawang beses, natatakot ako sa kanya pagkatapos itatanong niya kung bakit ako umiiyak? Huminto kami sa tapat ng isang *Lamborghini Adventor*. Cherry red ang kulay niyon. Ipinasok niya ako sa loob. Umikot siya at saka pumasok na rin sa sasakyan. He drove. Kinakausap ko lang siya kapag tinatanong niya ang direksyon.

Alam kong malaki ang posibilidad na makita niya si Artemis, pero wala akong pakialam. Alam kong hindi niya basta makukuha ang anak ko.

Inihinto niya ang sasakyan. Bumaba ako. Nanlaki ang mga mata ko nang makita ko si Artie na nakatayo sa tabi ng gate at nagwawalis. Tumingin siya sa direksyon ko. Nakita kong bumaba ang lalaki sa kotse at saka tumingin din kay Artie.

“Mama!” Niyakap niya ako. I was just praying.

3

"Anla! Mama, bakit po wala kayong bra?!"
Namula ang mukha ko matapos kong marinig ang boses ni Artie pagkatapos kong maghubad ng blouse. Napaharap pa ako sa kanya. She was giggling. Tumakbo siya sa damitan naming dalawa at siya pa ang kumuha ng t-shirt at shorts ko mula roon. Iniabot niya iyon sa akin.

Hindi ko alam na papasok na siya sa silid kaya basta na lang ako nag-burlesk sa gitna ng kuwarto namin. I felt so tired and used. Maghapon akong nakipagsagupaan sa mga emosyong ayaw ko nang maramdaman. Hindi ko na natawagan ang kaibigan ko para sabihing hindi ako makakasama sa interview.

"Mama, paano kapag nalaman ng boss mo iyan?"
Itinakip niya pa ang mga kamay niya sa kanyang bibig at saka humagigik. Nagbihis na ako habang nakatingin sa kanya. Nakaupo siya sa gitna ng kama habang naka-Indian sit. Her long silky hair flowed freely down her waist. Nakangiti siya.

Napangiti na rin ako. I couldn't believe how

much I loved Artie kahit na hindi siya nanggaling sa akin. Minsan nga ay naniniwala na rin ako sa kasinungalingang sinabi ko sa kanya—na ako ang nanay niya, sa akin siya nanggaling at kaming dalawa lang at si Nanay ang pamilya.

Ni hindi ko binabanggit sa kanya ang tungkol kay Nita. Ni wala siyang alam na may kapatid ko. Sinabi ko kay Nanay na hindi puwedeng banggitin si Nita sa pamamahay na iyon. Ayokong magtanong si Artie tungkol sa kapatid ko. Ayokong malito siya. Paninindigan ko na akin siya at sa akin siya galing. Mahal na mahal ko ang anak ko.

Umupo ako sa tabi niya at ipinulupot ang braso ko sa balikat niya. “Artie, mahal mo ba si Mama?”

“Oo naman, Mama! Love na love! Kapag malaki na ako, mag-aaral akong mabuti ‘tapos magiging businesswoman ako! S’abi ni Aling Teta sa kanto, magaling daw ako sa Math kasi kahit daw walang calculator, marunong akong mag-compute! P’wede daw akong businesswoman!” Tumayo siya at saka may hinugot na kung ano sa damitan namin. Ipinakita niya ang isang pahina ng magazine. She was smiling. Itinuro niya ang larawan ng isang babaeng nakatayo. She was wearing a black suit and tie pero pambabae. Naka-cross ang arms niya and she looked fierce in the picture. Nabasa ko ang pangalan niya.

Hera Consunji: Heiress, fashion icon, filthy rich.

“Mama, siya ang idol ko! S’abi sa **TV** magaling

daw siya na businesswoman! Gusto kong maging tulad niya!”

Ngumiti lang ako at kinuha ang larawan sa kanya. Consunji, ibig sabihin pa niyon ay kamag-anak niya ang Hermes Consunji na nagpapakilalang tatay ni Artie? Umiling ako. Ginawa ko iyon para mawala ang kung anumang iniisip ko.

“Aalagaan kita, Mama.” Hinaplos niya ang mukha ko. I wanted to cry. Ipaglalaban ko talaga nang patayan ang anak ko. Niyakap ako ni Artie. Sa ganoong tagpo ay natagpuan kami ni Nanay. Nakangiti siya habang nakatingin sa amin.

“Apo, mag-uusap lang kami ng mama mo. Dito ka muna, ha? Wag kang aalis,” wika ng aking ina.

Hinagkan muna ko si Artie sa noo bago ako naglakad palabas ng silid. Nakita kong binuksan niya ang TV sa kuwarto pagkatapos ay kumaway sa akin. Lumabas na ako at sumunod kay Nanay. Nakita kong papunta siya sa sala. Akala ko ay mag-uusap lang kaming dalawa—nang kami lang, pero nang makita ko si Hermes Consunji na nakaupo sa isa sa mga sofa sa sala namin ay agad na nag-init ang ulo ko.

Buong araw niya akong tinerrorize. Ang kapal ng mukha niya! Lalapit sana si Nanay sa kanya nang bigla kong hinatak ang kamay nito.

“Kilala ninyo ba siya?” mariing tanong ko. Hindi kaagad sumagot si Nanay. Pinakatitigan niya lang ako. “Kilala ninyo ba siya?” Bahagya siyang tumango

sa akin. Tumulo ang luha ko. “S-siya ba?”

“Oo, Nina.” Napaiyak akong parang bata. Wala na. Talo na ako. Pero nang maisip kong ako ang kinikilalang ina ni Artie ay lumakas ang loob ko. Hindi siya basta sasama sa lalaking ito. Hindi naman ibig sabihin na siya ang ama ay siya ang may karapatan.

The last time I checked, hangga’t walang pitong taong gulang ang bata ay dapat nasa poder ito ng nanay nito. Sapat na ang panahong iyon para magawan ko ng paraan ang anak ko. Aalis kami. Itatakas ko si Artie. Hindi ko hahayaang makuha siya sa akin ng kung sino lang.

“Kanina pa ganyan iyan; nakaupo nang tuwid, walang kagalaw-galaw. Parang tanga nga, eh,” sabi pa ni Nanay sa akin. Nagtuloy kami sa sala. Umupo ang aking ina sa tabi ni Hermes habang ako ay nakatayo lamang.

“Hindi pa ba sapat na maghapon mo akong pinagod? Kailangan pang nandito ka?” inis na tanong ko. I bit my lower lip when I remembered his lips. I swallowed hard. I hated my body! Tinatraydor ako!

“It’s just foreplay, baby. Napagod ka kaagad?”

Napasinghap ako. How dare him! Nagagawa niyang sabihin iyon sa harap ng nanay ko!

“Maiwan ko muna kayo,” napapailing na wika ni Nanay. Sinundan ko siya ng tingin hanggang sa pumasok siya ng silid, pagkuwan ay nilapitan ko

ang mangmang na lalaking pulos na lang libog sa katawan at sinampal siya sa pisngi.

“That’s for slapping me earlier, you as*hole!”

“Wow! How did you know my second name?” Ngumisi siya sa akin. Hinuli niya ang kamay ko. Hinawakan niya ako nang mahigpit. “You have no right to slap me! You have no right at all, you b*tch! I only came here to see my daughter! *Ako* ang may karapatan sa kanya! Akin siya, sa akin siya galing!”

“Maaaring sa itlog mo nga galing ang anak ko! Pero *akin* siya! Ako ang nagpalaki, naghirap at lumuha ng dugo para lang mapalaki siya nang maayos kaya hindi mo siya p’wedeng basta na lang kunin sa akin!”

“You b*tch!”

Napangiwi ako nang haltakin niya ang braso ko. Wala na bang ibang alam gawin ang lalaking ito kundi ang saktan ako? How could Nita fall for this guy?

“Bitawan mo ako!” Tinulak ko siya paalis.

“Mama?”

Nanigas ang likod ko nang marinig ko ang boses ni Artie sa likuran ko. I saw her standing beside the dining table. She had a straight face. Lumakad siya papalapit sa amin ni Hermes. Nakatitig lang siya sa lalaki. Walang ibang salita. Nanlaki ang mga mata ko nang bigla niyang sipain si Hermes sa binti nito.

“Sh*t!” wika niya.

“Huwag mong aawayin ang mama ko! Hindi kita bati! You’re a bad man!” she yelled. Imbes na bawalan ko si Artie ay napangisi ako. I taught my daughter well.

“Yvana...” There was a smug smile on his face. Nakaluhod siya sa harapan namin. Bigla ay hinawakan niya ang kamay ni Artie. Nakanguso pa rin ang anak ko.

“Bakit mo inaaway ang mama ko? Hindi kita bati! Ipapapulis kita!” sigaw pa ng bata.

Natawa si Hermes. Mula sa bulsa niya ay inilabas niya ang isang ID na may nakalagay na *Armed Forces of the Philippines* pagkatapos ang buong pangalan niyang Hermes Atlas C. Consunji.

“Sundalo ka?” tanong ni Artie na nanlalaki ang mga mata. Tumango si Hermes, sabay tago ng ID niya.

“Kaya kung tatawag ka ng pulis, ako na lang, sundalo ako.” Ginulo niya ang buhok ni Artie. I so wanted to take my daughter away from him, pero napatulala lang ako. Hindi maipagkakaila na si Artie nga ang anak niya. They both had the same eyes—dark and mysterious, deep and strange. Ganoon si Artie kapag nakatingin siya sa malayo at ganoon ang mga mata ng lalaking ito. They had the same smile.

“Eh, bakit po hindi kayo nakasuot pangsundalo? Bakit po kayo naka-suit? Para po kayong tanga, ang init-init po nakaganyan kayo.”

“Artie!” tawag ko sa kanya. Gusto kong matawa. Halatang nagulat si Hermes sa sinabi ng anak ko, pero nagbago agad ang ekspresyon ng mukha niya. Tumayo siya at saka hinubad ang coat pati na rin ang polo at necktie niya. Ang natira lang ay ang puting sando sa ilalim ng polo niya. My mouth parted a bit when I saw his biceps.

Sundalo nga yata talaga ang lalaking ito! He had a body of a warrior. Napalunok ako. May tattoo siya sa magkabilang balikat. Iyong isa ay three stars at isang sun. Iyong isa ay initials na A.Y.C.

“Wow! Kuya, ang macho mo! P’wede kang dancer sa *Showtime!*” Napahagikgik na naman si Artie. Natutuwa ako sa anak ko. Napakabibo niya kaya lang sana sa ibang tao na lang siya maging bibo. Lumuhod si Hermes sa harapan ng anak ko at muling hinaplos ang mukha nito.

“You look just like Apollo,” mahinang wika niya.

“Sino po si Apollo?” curious na tanong ni Artie sa kanya. Tumingin muna si Hermes sa akin at saka ngumisi. Itinuro niya ang kaliwang braso niyang may naka-tattoo na *A.Y.C.* “This means, Apollo Yvangeline Consunji. She’s my mom. I put her initials there so that people will know how much I love her.”

What he said melted my heart. Siya ba talaga ang kausap ko sa buong maghapon? Siya na sumampal at muntik na humalay sa akin? Ibang-iba siya sa anak ko. Parang ang bait-bait niya.

“A.Y.C... ay, p’wedeng ako din iyan kasi, Kuya, ang name ko po Artemis Yvangeline pero Quatana po hindi Con—” Ngumuso si Artie. Napakamot siya ng ulo. “Ano po’ng apelyido ng nanay mo?”

“Consunji,” nakatiim ang mga bagang na wika niya. Tumayo na siya at binalingan ako. Noon ko lang napansin ang dog tag na suot niya. Hindi maipinta ang mukha niya.

“Aalis na ako.”

“Good! ’Wag ka nang babalik!” sigaw ko.

“Babalik ako at alam mo kung bakit.” He glared at me. Nagbago agad ang ekspresyon niya nang tumingin siya kay Artie. Lumuhod muli siya sa harapan nito. “Babalik ako, Yvana...”

“Hindi po ako si Yvana. Artie po, Kuya,” mabilis na sagot ng bata kay Hermes. Ngumiti lang siya.

“I like Artie, too. Okay. I’ll be back, Artie.” He bent forward to give my daughter a kiss on her forehead. Niyakap pa niya ang bata. It was actually a touching scene—so touching that I had to look away. “I miss you, baby,” he whispered. Pagkatapos niyon ay mabilis siyang tumayo at saka umalis na. Ni walang pasabi. Umalis siya na parang walang tao sa paligid.

“Mama?” baling sa akin ni Artie. “Bakit niya ako na-miss? Sino ba siya? Bakit sad siya?”

“Hayaan mo na, ’be. Sira-ulo iyon. Halika na, manood na lang tayo ng *Dibo: The Gift Dragon*.”



I didn't remember the woman's name anymore, but that didn't matter. What mattered was that she was calling out my name and again, I felt like a god. I was grinning while I was thrusting deep inside her. She was tied with my favorite silver silk cloth. Nasa pupulsuhan niya iyon, but somehow, I feel like there was something wrong in the scenario.

While I was thrusting inside of her, naiisip kong hindi bagay sa kanya ang silk cloth na iyon. I wondered why. Dati naman ay wala akong pakialam kung kanino iyon ilalagay. I just needed to get laid. I'm stressed out but then, my mind wasn't really in the game now. Iba ang iniisip ko. I was actually thinking about...

I closed my eyes and her face flashed on my mind. That delicious expression on her face, the way she bit her lower lip, the taste of her juice. I couldn't seem to take that off my mind. Bigla ay umalis ako sa ibabaw ng babaeng katalik ko at saka inalis sa pupulsuhan niya ang telang iyon.

"Hindi bagay," wika ko. Napamulat siya. Kinuha ko ang mga damit ko at nagbihis na. Wala akong sinabi sa kanya. Basta ko na lang siya iniwan sa kama—hubad at walang kahit na ano. She called me, I didn't care to look back.

Sumakay ako sa kotse ko na dala sa isipan ko ang mukha ng babaeng iyon. Bakit ganito? I wasn't used to thinking about women except for my mom

and Hera, pero bakit hindi maalis sa isip ko si Nina Quatana?

Umuwi ako sa mansyon, nasa isipan ko pa rin ang babaeng iyon. Habang naglalakad paakyat sa silid ko ay may narinig akong kung anong mga tinig na nanggagaling sa kusina. I went there. Nakilala ko ang boses ni Ares at ni Bathseeba. Naisip ko na Friday nga pala ngayon at kapag Friday ay umuuwi sila para samahan si Papa.

“Ayoko ng cheese, gusto ko vanilla!” Nakita kong hinampas ni Bathseeba si Ares ng kutsara sa mukha. He made a face.

“Ano ka ba? Naglililihi ka ba?! Hatinggabi na, Bathseeba! Gusto kong matulog!”

“Matulog? ’Tapos kapag kinakalabit mo ako, okay lang na magpuyat?! Inutil ka!” Hinatak pa ni Bathseeba ang buhok ni Ares. Napangiwi ang kapatid ko. I cleared my throat.

“Tulog na si Papa, gising pa kayo,” natatawang bati ko. Bathseeba hit Ares again with the spoon.

“Battered husband ako, nakikita mo?” Naiinis naman si Ares.

“Ah, ganoon?! Battered pala! Sige, diyan ka matulog sa sala. Ang pangit-pangit mo! Mabaho ka pa! I hate you!” Nagmartsa si Bathseeba palayo sa amin. Natatawang binalingan ko si Ares. Mukhang hindi naman siya nag-aalala. Kumain na lang siya ng ice cream.

“Nasaan ang pamangkin ko?” tanong niya sa akin.

“Hindi ko naiuwi.” I smiled as I looked at him. “Ganoon pala ang pakiramdam, Ares. I saw her. I talked to her, I hugged her. It was magical. Noong huli ko siyang nakita, napakaliit pa niya pero ngayon... She could talk back. Tinawag niya akong tanga.” Napatawa ako. I knew I should be offended, but my daughter was f*cking awesome! Walang dudang isa nga siyang Consunji!

“Ano’ng balak mo, Kuya?” nais malaman ni Ares. I just smiled.

“Kukunin ko ang akin. What Consunjis want, we get. At kung inakala ng babaeng iyon na maitatago niya basta ang anak ko, nagkakamali siya. I have thought of every possible way she could think of. Hinding-hindi niya maitatago sa akin si Yvana. I had waited long enough. Hindi na ako papayag na maagawan ng anak ngayon.”

“Good. You’re thinking like Hera. Tumawag nga pala siya kanina, kinakamusta ka. Nag-aalala din siya para sa pamangkin namin. Take her home, Kuya. Papa will be so happy to see her.” Ngumiti si Ares sa akin. Tumango naman ako sa kanya. Gagawin ko ang lahat—even if that means that I must deal with that Nina.



“Mama, ngayon po ba talaga iyong test ko sa *St. Thomas*? May pambayad ka na? S’abi ni Lola, pang-

genius iyon! Mama, marami bang palaruan doon? May swing ba doon? Aray, Mama! 'Wag mo na kasing i-ponytail ang buhok ko, magbe-baseball cap na lang ako!"

Nakita kong napangiwi si Artie habang nagsasalita siya at tinatalian ko ang mahaba niyang buhok. Nakaharap kami sa salamin. Binihisan ko siya nang maganda nang umagang iyon. Ngayon kasi ang pre-test niya sa school na iyon. I wanted her to look her best. Ipinasuot ko sa kanya ang yellow casual dress niya. Gusto ko sanang itali ang buhok niya pero ang hirap talaga.

"Be! Hindi p'wede, naka-dress ka 'tapos baseball cap? Ang jejemon lang!" Natawa ako nang ngumuso siya.

"Eh, Mama, ayaw kasi sumunod ng hair ko. Matigas po ang ulo niya!" Muli akong napatawa sa sinabi ng anak ko. Kinurot ko ang ilong niya at saka hinagkan siya sa pisngi.

"Angkulitmo! Manang-manakasapinagmanahan mo! Ilulugay natin iyang hair mo, okay? 'Be, 'wag ka namang maglaro sa damuhan at buhanginan doon, ha? Formal tayo, para magustuhan ka ng sister doon 'tapos 'wag kang sasagot kapag hindi ka kinakausap. Minsan kasi ma-epal kang bata ka, eh."

It was her turn to laugh. Kapag tumatawa si Artie ay nawawala ang mga mata niya. Lalo siyang gumaganda. Hindi ko maipagkakaila na maganda

talaga siya; hindi siya kamukha ni Nita, mas hawig niya si Hermes. Parehong-pareho ang mga mata nila.

“Mama, pupunta ba ulit iyong kuya dito? Nakalimutan kong itanong sa kanya, eh. Sana pumunta siya kasi gusto ko siyang makakuwentuhan. Mukha siyang mabait. Akala ko inaaway ka niya, Mama, hindi naman pala. Siguro boyfriend mo iyon. Papakasal na ba kayo? Mama, gusto ko ng kapatid na lalaki, ha! Gusto ko iyon ’tapos papaiyakin ko siya kapag nainip ako.”

Nanlaki ang mga mata ko. Kakaiba talaga mag-isip ang batang ito. Minsan naiisip ko na bully talaga siya—natural at malamang namana niya sa side ni Hermes iyon.

Nang maayos na kami ay hinawakan ko na ang kamay ni Artie para lumabas na ng bahay. Nagpaalam na kami kay Nanay. Balak ko lang mag-taxi, pero paglabas namin ng gate ay namataan ko kaagad si Hermes Consunji sa labas at nakasandal sa kotse niya. I bit my lower lip. Lumapit siya sa amin. He was wearing a semi-fit gray shirt and a pair of navy blue jeans. Napalunok ako, bakit parang ang bango niya?

Nina, umayos ka nga! utos ko sa sarili ko. I cleared my throat.

“Hey. Artie! High-five!” aniya sa anak ko.

“High-five! Boyfriend ka ni Mama, di ba? Gusto ko ng baby brother para may ibu-bully ako!”

natutuwang wika ni Artie.

My eyes widened. Pumailanlang ang tawa ni Hermes.

“For a second there, I thought I was talking to my sister,” he said while laughing. “Saan kayo pupunta?” usisa niya sa akin. Magsasalita pa sana ako nang sumagot na si Artie.

“Magte-test po kasi ako sa bago kong school, Kuya Boyfriend ni Mama.”

“Hermes. Call me ‘Hermes’,” he introduced himself.

Nakita kong may inilabas si Artie na pahina ng magazine mula sa balsa ng damit niya. Ipinakita nito sa kanya ang larawan ng businesswoman na ipinakita rin nito sa akin kagabi.

“*Hermes* din iyong pangalan ng bag niya.” Tinuro pa niya ang picture. Kinuha iyon ni Hermes. He grinned.

“Why do you have her picture in your pocket?”

“Kasi po, idol ko siya. Gusto ko pong maging businesswoman tulad niya kasi pag yumaman na ako, ibibili ko si Mama ng maraming machines para maging inventor siya. Kasi s’abi ni Lola, Mama had to give up her dreams just to take care of me, kasi she loves me,” buong pagmamalaking wika ng anak ko. Hinatak ko ang balikat ng paslit. Naramdaman ko naman ang mga mata ni Hermes sa akin. Napalunok ako.

“Anak, ’lika na. Male-late na tayo.”

“Ihahatid ko kayo, kahit saan pa kayo magpunta,” mariing wika niya. When I looked at him, I realized that the only answer left was yes at kapag humindi ako, magkakalintikan lang kami kaya tumango na lang ako. Nauna kong pinasakay si Artie. Bago ako pumasok sa loob ay napahinto ako dahil sa mga titig niya.

“You know, you can’t run now that I have found you.” Mariin ang pagkakabitw niya sa mga salitang iyon.

“And you know, you can’t just have Artie. Over my dead body.” Pinanlakihan ko siya ng mata. Ngumisi lang siya.

“I’ll have that body—alive, warm and wet—one of these days. You just wait, Nina.” He winked at me. Sinabayan niya iyon ng pagpasok sa kotse. Nanlaki ang ulo ko.

Bakit nahihirapan akong huminga?

4

I looked at my watch while sitting at the other side of the waiting area. Hinihintay kong matapos ang exam ni Artie. Nasa kabilang side naman si Nina. She played with her hair while trying to look away from me. Alam kong kanina pa niya ako gustong tingnan, pero iniwas niya sa akin ang kanyang mga mata.

It was like high school all over again. Iyong mga babaeng pasimpleng tumingin. I smiled to myself. What's not to look? Alam ko naman ang hitsura ko plus the way I performed, it's enough to blow their minds. If someone would ask me, Nina was a very ordinary-looking woman. Walang kahit na anong espesyal sa kanya; hindi siya ganoon kaganda. Kung masasalubong siya sa isang mall, you wouldn't even give her the second look. Hindi siya head-turner.

I grinned. How could a woman like this handle my child? Sa nakikita ko kay Artie, kaugali siya ni Hera. She'd be a b*tch when she grew up and I couldn't wait for that moment. I wanna see how she

would handle the people around her.

Hindi lang iyon. She wanted to be a businesswoman; isa nga siyang Consunji. It ran in her blood plus she was a genius. I knew it. Mana sa akin ang anak ko. Hindi nga ako makapaniwala kung anong klaseng kasiyahan ang nararamdaman ko habang naghihintay sa kanya. I knew my daughter would make it to this school. I planned on taking her to lunch after this. Gusto ko pang makasama ang bata at walang makakapigil sa akin.

“Ano’ng plano mo pagkatapos nito?” Ngumisi lang ako sa tanong sa akin ni Nina.

“Kukunin ko ang anak ko. Kahit saang anggulo tingnan, Nina, wala kang karapatan sa kanya dahil hindi naman ikaw ang nanay niya. I own Artie. She is a true-blooded Consunji and you can’t change that. You can’t even fight that. My daughter will come home to me.” Nakita kong nagbago ang ekspresyon ng mukha niya.

“S’abi sa batas, hangga’t walang pang pitong taon ang bata ay sa nanay siya dapat nakatira. Ako ang kinikilalang ina ng anak mo. Akin din siya. Anim na taon pa lang si Artie. Wala kang karapatan sa kanya,” tiim ang mga bagang na wika niya.

“My brother is one of the best lawyers in town. Kaya niyang palabasin ang katotohanan na hindi ikaw si Nita at doon pa lang, akin na ang anak ko.”

“Hindi sasama sa ’yo si Artie. Hindi ka niya

kilala.”

“Maaari, but then, have you ever heard the word, abduction?” Ngumisi ako. Matapang ang babaeng ito. Kung normal siyang babae, she would be crying out of fear but she’s not. I guess she was really something. Ngumisi siya.

“Ipapa-kidnap mo ako? Sa tingin mo ba kapag nawala ako, hindi ako hahanapin ng anak ko? Oo nga at ikaw ang ama, pero *ako* ang kinikilalang ina at ipaglalaban ko nang patayan ang anak ko.” Tiim na tiim ang mga bagang niya. Walang mabakas na ekspresyon sa mukha niya kundi galit at pagkamuhi sa akin.

Ngumisi lang ako sa kanya at saka tiningnan siya mula ulo hanggang paa. Nina was feisty. Tago lang ang ugali niyang iyon, pero paunti-unti kong nakikita ang bagay na iyon sa kanya. Must be the mother thingy inside her but I don’t care. Anak ko si Artie at mahigpit na bilin sa akin ni Mama noon na dapat kong makasama ang anak ko. At iyon ang gagawin ko. Gagawan ko ng paraan para makapiling si Artie.

“Puwes, papatayin kita sa sarap, Nina,” nakangising wika ko. Nanlaki ang mga mata niya.

“Kay bastos-bastos mo talaga! P’wede kitang idemanda ng harassment dahil sa ginawa mo sa akin sa elevator!” Napatayo siya sa galit. Kalmado pa rin ako.

“Maaaring ayaw mo nga ng ginawa ko sa ’yo sa elevator, pero makikita naman sa CCTV footages na hindi ka nanlaban. Umungol ka pa nga nang—”

Sa puntong iyon ay pulang-pula na ang mukha niya. Nanginginig na nga yata ang kalamnan niya.

“Mama!” Natigil lang kami nang dumating si Artie. She was hopping. Ang cute talaga ng anak ko. Yumakap siya kay Nina pagkatapos ay naupo muli sila. Hinahaplos ni Nina ang buhok ng bata.

“Mama, napagod po ako. Ang dami po ng questions na sinagot ko. Pero madali lang po iyong sa Math, pero napagod po ako. S’abi pa nga ni Sister na ’wag daw po akong matulog sa exam. Eh, Mama, napapagod ako.” Naghikab pa si Artie bago nahiga sa binti ni Nina. The latter looked at my daughter with so much love in her eyes. She caressed her face. Hikab nang hikab si Artie.

Napansin kong muling bumukas ang pinto kung saan nanggaling ang anak ko. Lumabas mula roon ang isang madre. She was smiling at us. I grinned. Tuwing nakakakita ako ng mga madre ay naaalala ko ang isang gabing iyon sa Bali, a night where I f*cked a nun. She was pretty young back then and I told her that I’ll take her to Jesus Christ. Moments later, she was moaning ‘Oh, God! Oh, God!’

Hindi ko na alam kung ano ang nangyari sa madre na iyon. Siguro ay hindi na siya tumuloy bumalik sa kumbento at utang na loob niya sa akin ang desisyon

ninyang iyon. The nun looked at Nina.

“Are you her mom?” tanong pa nito. Nina proudly smiled and said yes.

Napailing na lang ako. I wondered how long she would keep on pretending. Sa tingin ko ay hindi rin alam ni Artie ang katotohanan. I just sighed. Sa ngayon, hindi pa malinaw ang plano ko sa buhay, but I was very keen on taking my daughter back, I own her. Akin siya, dugo ng Consunji ang dumadaloy sa kanya.

“P’wede ba tayong mag-usap muna?” tanong ni Sister Bernadette. Binalingan ni Nina ang anak ko.

“Be, dito ka lang, kakausapin lang ni Mama si Sister, ha? Magpakabait ka.” Hinaplos niya ang mukha ni Artie.

I couldn’t believe that my daughter had grown this much. Noong huli ko siyang nakita ay nakakakarga ko pa lang siya, ni hindi pa siya nagsasalita. She just kept on making those cute little sounds.

“Mama, wala pa naman po akong inaaway na bata. Bakit ninyo po kakausapin si Sister?” nakangusong wika niya. Humagikgik si Nina.

“Be, kasi sasabihin ni Sister iyong result ng exam mo. Ikaw talaga. Mamaya kakain tayo ng *Dilly bar*.” Kinindatan pa niya ang anak ko. I just shook my head. Sumama si Nina sa madre habang naiwan naman ako sa waiting area kasama si Artie. Tumayo ako at tinabihan siya.

“Hermes,” tawag niya sa akin. Napangisi ako. Walang kuya, walang sir. It’s just my name and I was so glad she got the pronunciation right.

“Yes, Artie?” I asked. Nagulat ako nang kumandong siya sa akin at saka dumantay sa dibdib ko.

“Inaantok po ako, Hermes,” naghihikab na wika niya. My mouth parted a bit. My heart skipped a beat again. There’s that familiar feeling inside my being. Nararamdaman ko lang iyon noong kasama ko pa si Mama. Hinaplos ko ang buhok niya. Napansin kong marahan niyang hinahaplos ang binti niya.

“Artie, what are you doing?” I looked at her. Hinawakan ko ang kamay niya.

“Pinapatulog ko po ang sarili ko. Kasi si Mama, nipapampam niya ako bago matulog.”

“Anong pampam?” nagtataakang tanong ko.

“Ito po. Hinahaplos niya iyong binti ko ’tapos nakakatulog ako ’tapos kapag gising na ako ay may *Milo* na sa dining table saka pandesal na may *Chiz Whiz* ’tapos kakain na kami. Nagugutom na kasi ako, Hermes.”

I suddenly remembered those sleepless nights I spent during my elementary and secondary days. Tuwing di ako makatulog, bababa ako ng kusina, I’d look around for food pagkatapos ay makikita ko na lang na nakatayo si Mama sa tabi ng counter at nakangiti. Tatawagin niya ako at aakbayan saka

sasabihin niyang ititimpla niya ako ng *Milo* na may halong gatas.

Matapos iyon, aayain niya ako sa kuwarto namin ni Ares at saka patutulugin na pero dahil maaamoy siya ni Ares, babangon din ito at yayakap kay Mama. In the end, kaming dalawa ni Ares ang katabi niya. That went on until I was in second year high school. Pagdating kasi ng third year ko, hiwalay na kami ni Ares ng kuwarto pagkatapos si Hera na ang palaging pinatutulog ni Mama because she started sleep walking.

“Hermes, bakit ka malungkot?” untag ni Artie sa akin. I looked at her.

“I miss my mom,” sabi ko. Umayos siya ng posisyon at naupo na lang siya sa kandungan ko. She touched my face.

“Si A.Y.C., di ba? Alam mo, ’wag ka nang ma-sad kasi love ka ng mama mo. Makikita mo siya mamaya kapag umuwi ka sa bahay.”

“Nasa heaven na ang mama ko,” nakangiti ngunit malungkot na wika ko.

“Ay, ganoon ba?” Nagulat ako nang bigla niya akong yakapin at hagkan sa pisngi.

“Wag ka nang ma-sad. Gusto mo share tayo sa mama ko? Masarap magluto ng adobo ang mama ko saka magaling siyang maglaba. Gusto mo ba papatulugin ka din niya sa gabi?”

Sa puntong iyon nakita kong nakatayo na si

Nina sa likuran ni Artie. Ngumisi ako sa kanya. Nakapamaywang siya.

“Artemis Yvangeline! Kung ano-ano ang pinagsasabi mo!”

“Eh, Mama, wala na palang mama si Hermes. Di ba p’wede naman kitang i-share? Patulugin mo din siya sa gabi!” Humagikgik si Artie. She threw me a dagger look. I grinned while looking at her from head to toe.

“Oo nga, Mama, patulugin mo ako sa gabi,” I winked at her. I ended up laughing loudly when I saw her face turned so red. She looked like an apple.



“Where have you been, Hermes? Hera is pregnant, we took her to the *Varres Medical City*. Bed rest daw kasi siya hanggang sa manganak siya.”

Pinatay ko ang answering machine habang hinuhubad ang t-shirt ko. I was thinking about Ares’ message. Nagpalit lang ako ng damit at muling umalis para puntahan si Hera sa ospital. Nag-aalala ako para sa kapatid ko. It was indeed good news. She was pregnant at alam kong si Hades Vejar ang ama ng batang iyon. Hindi ko nga lang alam kung may balak siyang sabihin dito ang katotohanan.

I drove as fast as I could to get to Hera. Nang dumating ako roon ay agad kong nakita si Ares at si Bathseeba na papasok ng ospital. Tinawag ko sila.

“Galing kami sa *7-Eleven*. Namili ako ng hotdog

sandwich. Naglilihi 'ata si Bathseeba," nakangising sabi ni Ares sa akin. Tiningnan ko si Bathseeba. Nakapulupot ang kamay niya sa braso ni Ares. Nakangiti siya.

"Sana nga para may baby na din kami. Di ba, panget?" Piningot ni Bathseeba ang ilong ni Ares at naglakad na kami. Hindi sila masyadong nag-uusap, pero damang-dama ko ang kasiyahan nila. Naiintindihan ko na iyon ngayon. I have Artie. Abot-kamay ko na muli ang anak ko.

We reached Hera's room. Napangiti agad ako nang makita ko siya. She was lying on her bed while eating hamburger.

"Mga pangit!" she greeted us. Niyakap ko siya.

"One of these days, Hera, dadalhin ko si Artie sa 'yo. She is so much like you!" Natuwa si Hera sa narinig. I sat beside her as she ate her hamburger.

Natigil lang ang kuwentuhan namin nang dumating ang nurse para sabihin na kailangan nang magpahinga ni Hera. Naiwan sina Ares at Bathseeba sa ospital habang ako naman ay pauwi na—hindi ko nga lang alam kung sa mansyon o sa bahay ko mismo.

Huminga ako nang malalim nang ma-realize kong tinutunton ko ang daan patungo sa bahay ng mga Quatana. I wanted to see my daughter again. I wanted to hug her before I sleep tonight. It's funny how I missed her. Noon kapag hindi ako makatulog ay babae ang hanap ko, but now I just wanted my

number one girl, my daughter.

I parked my car in front of their house. Bukas pa ang ilaw sa sala nila. But the gate was locked so I climbed up. I really wanted to see my daughter. Nang maakyat ko ang gate nila ay naglakad na ako patungo sa bahay, pero iyong front door naman ang naka-lock. Kumuha ako ng susi mula sa bulsa ko. I learned from the academy that any key that fits the keyhole of a doorknob could open any door and it never failed me.

Tahimik na ang bahay nang makapasok ako. Dalawa lamang ang silid sa bahay na iyon at tinungo ko ang kaliwang pinto kung saan alam kong naroon ang anak ko. I smiled when I saw someone on the bed. Nakatalukbong ng kumot at tulog na tulog. I sat beside my daughter and caressed her head. Inalis ko ang kumot na tumatakip sa kanya. I was wrong—it was Nina. She was asleep. Umungos siya at natanggal ang kumot na tumatakip sa kanya. Tumaas ang kilay ko. She was only wearing a pink bra.

Did she sleep like that with Artie around? She stirred. Nagmulat siya ng mga mata. Matagal siyang nakatingin sa akin bago niya siguro naisip kung sino ako at kung nasaan siya.

Bumuka ang bibig niya. “Ra—”

Bago pa siya makasigaw ay hinatak ko siya palapit sa akin para hagkan sa labi. I’ve kissed her before, and I didn’t know why but there was something in

her lips. I darted my tongue inside her mouth. Tatal sumisigaw na siya ng rape, naisip kong totohanin na lang, but it wouldn't be called rape. Ayokong maging katulad ni Helios. I'd make sure that she would enjoy every inch of my body—my touch, my tongue and my mighty eagle.

I was about to take her bra off as she was kissing me back. Nang biglang bumukas ang pinto.

“Mama—Ay, bold! Lola! Mabubuntis na po si Mama!”

Naitulak ako ni Nina pababa ng kama.

5

Hindi ko alam kung paanong lakad ang gagawin ko habang nakikita ko si Hermes Atlas Consunji na nakasandal sa gilid ng kotse niya habang tila ba inip na inip na naghihintay sa akin. Iniisip ko kung dapat akong magsisi dahil sinubukan kong pumasok ng trabaho sa kompanyang pag-aari niya.

Dahil sa araw na iyon ay nagsimula nang magbago ang lahat sa buhay ko. Naging magulo ang lahat—pilit niyang inaagaw si Artie at pilit siyang pumapasok sa sistema ko. Hindi pa ba siya masaya na araw-araw ay halos nagkikita na kami dahil punta siya nang punta dito sa bahay? At kailangan sa gabi ay pupunta pa rin siya? Hindi lang iyon, papasok siya sa silid ko at hahalikan ako?! Malibog ang lalaking ito! Palagi siguro siyang nangangati kaya kung saan-saan siya pumapasok.

Lumabas ako ng gate para lapitan siya. Sinabi ko kay Nanay na huwag na munang palabasin si Artie ng kuwarto. Doon kasi natulog si Artie sa silid ni

Nanay. Iyon kasi ang silid sa bahay na may air-con samantalang ako ay nagtiis na lang sa init sa silid naming mag-ina. Inisip ko kung paanong nakapasok sa bahay namin ang mokong na ito. Ulaga talaga! Hindi matinong mag-isip! Naturingang sundalo pero gumagawa ng kalokohan sa kapwa.

Nang makalapit ako sa kanya ay inis na inis na sinuntok ko ang balikat niya. Nanlaki ang mga mata ko. Parang hindi man lang siya natinag.

“Manyak ka! Sinasabi mo na kaya mong maging ama sa anak ko, pero kung ano-anong kalokohan ang ginagawa mo! At ngayon pinagsasamantalahan mo ang kahinaan ko!” Hinampas ko siya sa dibdib, pero nanatili lang siyang nakatingin sa akin habang nakangisi. Kanina pa ako napipikon sa kanya. Nasa school pa lang kami ni Artie ay wala na siyang ginawa kundi halayin ako sa paningin. Ang kapal ng mukha niya!

Sa tuwing titingnan niya ako ay para akong hinuhubaran; nag-iinit ang pakiramdam ko. Pakiramdam ko ay para akong ice cream na natutunaw sa ilalim ng araw at tuwing titingnan ko naman siya ay hindi ko maiwasang isipin na palagi siyang mainit—literal na mainit.

Sige, aamin ako; napakaguwapo talaga ni Hermes. Matangos ang ilong niya, maganda ang mga mata, manipis ang mga labi, nakakatakot siyang tumingin—iyong tingin pa lang ay literal na

malilibugan ka. Oo, brutal ako mag-isip pero kahit na gaano man siya kaguwapo, kung napakasama ng ugali niya ay bumalik na lang siya sa pinanggalingan niya.

“Sinagot mo ang bawat halik ko, Nina. Ako pa talaga ang manyak? And do you always sleep like that around my daughter? Hindi nakapagtataka kung bakit alam na ng anak ko ang salitang ‘bold’ at kung paano gumawa ng baby. You’re unfit for a mother. Hindi ka bagay sa anak ko. I wonder what Nita was thinking. Bakit niya iniwan ang anak ko sa ‘yo?’”

“Pagpapasarap lang ang nasa isip ng kapatid kong ‘yon kaya tinakasan niya ang responsibilidad niya sa anak ko! Mula noong umalis si Nita, binura ko na siya sa buhay ni Artie, Hermes. Kung may hindi bagay maging ina sa anak mo, si Nita iyon. Siguro nga kayo ang gumawa sa kanya, pero ako ang naghirap, ako ang nagmahal, ako ang kinikilala, ako lang at wala nang iba. Huwag mong tangkaing kunin ang anak ko.”

“Mali, Nina. *Akin*. Sa akin lang at hindi sa ‘yo. Ikaw ang walang karapatan sa bata. Akin siya.” Nakatiim ang mga bagang niya habang sinasabi ang mga salitang iyon.

Pero hindi ako nakakadama ng takot. Bakit? Para saan? Mahal ko si Artie at alam kong bawat ina sa mundo ipaglalaban nang patayan ang mga anak nila. Hindi pa lang malinaw sa akin kung paano ko

lalabanan ang isang Consunji pero kakayanin ko. I heard and read from somewhere that they were very ruthless and cold, pero kakayanin ko iyon kung si Artie naman ang kapalit.

“Akin siya.”

“Akin siya, Nina. I don’t have to mark her because my blood runs in her veins. She is *my* daughter, her wits, her humor, her face—lahat iyon sa akin galing. Akin siya. I’ll do everything just to get her even if that means getting rid of you.” He stepped closer. Kinakabahan ako pero hindi ako papatalo.

“And don’t you even dare take her away. Lahat ng naisip mong gawin para mailayo sa akin ang anak ko, naisip ko na. I’m a hundred steps ahead of you, Nina. Mapapagod ka lang. Consunji ako, wala kang kawala.”

Hindi ko alam kung ilang beses akong napalunok habang sinasabi niya iyon. Damang-dama ko ang mga salitang iyon hanggang sa mga buto ko at hindi ko maintindihan kung bakit. Napalunok akong muli.

“Mula bukas, magtatrabaho ka sa kompanya ko. You’ll be around me 24/7, Nina. Hinding-hindi ka mawawala sa paningin ko. Hindi dahil gusto kitang makita, kundi dahil gusto kong masiguro na hindi mo ilalayo sa akin ang anak ko. Dahil sa oras na gumawa ka ng hakbang, mapapatay kita.” Halos hindi bumubuka ang bibig ni Hermes habang sinasabi ang mga salitang iyon. Matapos iyon ay umalis na siya.

Naiwan akong nangangatog pati ang kaluluwa. Tumulo ang mga luha ko, tumakbo ako papasok sa bahay at pumasok sa kuwarto ni Nanay. Gising pa ang dalawa. Si Nanay ay nagbabasa, si Artie naman ay nanonood ng TV.

“Nanay, mag-empake ka! Aalis tayo! Kukunin niya sa akin si Artie!” hysterical na wika ko. Mukhang naalarma rin si Nanay sa akin. Sumunod siya. Si Artie ay nakatingin lang. Panaka-nakang nagtatanong siya.

“Mama, sino’ng kukuha sa akin? Bakit ka umiiyak?” Punong-puno ng pagtataka ang kanyang mukha, pero ngiti lang ang isinasagot ko sa kanya.

“Be, basta sasama ka lang kay Mama, ha? Mahal na mahal kita.” Hinalikan ko ang noo niya. Kinuha ko ang mga gamit na puwedeng madala. Inutusan ko si Artie na kunin ang paborito niyang laruan. Napangiti ako nang sumunod siya.

Mabilis pa sa alas-kuwatro na nakaalis kami ng bahay. Sumakay kami ng taxi. Si Nanay ay may hawak na rosaryo. Hindi naman ako naniniwala na nagawan na ni Hermes Consunji ng paraan ang mga bagay na naiisip ko. Hindi siya Diyos, tao lang siya. Wala siyang kapangyarihan na basahin ang isipan ko.

“Saan tayo, Miss?” tanong ng driver. I swallowed hard. Nanginginig ang buong katawan ko.

“Sa pinakamalapit na bus terminal,” wika ko. Tumango ito. Hawak ko ang kamay ni Artie.

“Mama, inaantok na po ako. Mama, i-pampam

mo ako,” she said.

I smiled. I caressed her left leg. Nahiga naman siya sa binti ko. Tulad ni Nanay ay nagdadasal ako. Na sana matakasan namin ang gabing ito at noong nakakalayo na kami sa lugar namin, noong nasa gitna na kami ng siyudad ay nakakahinga na ako nang maluwag.

Paliko na ang driver sa intersection nang bigla siyang huminto. Napansin ko na may dalawang truck ng army ang huminto sa harap namin. Bumaba roon ang halos isang dosenang sundalo. Hindi lang iyon, napansin ko ang isang itim na SUV sa gitna ng mga truck na iyon.

Para akong nanonood ng pelikula. Dahan-dahan silang pumuwesto sa paligid namin.

“Nina, ano’ng nangyayari?” kinakabahang tanong ni Nanay. Humawak ako sa kamay ng natutulog na si Artie. I swallowed hard.

“K-kunin n-niya n-na s-sa akin ang anak ko, Nanay,” lumuluhang sagot ko. I remembered what he said to me earlier..

“And don’t you even dare take her away. Lahat ng naisip mong garwin para mailayo sa akin ang anak ko, naisip ko na. I’m a hundred steps ahead of you, Nina. Mapapagod ka lang. Consunji ako, wala kang kawala.”

Wala nga akong kawala. Pinahid ko ang mga luha ko at lumabas ng taxi. Napasinghap ako nang mapansin ko ang helicopter sa itaas.

Target detected.

Iyon ang mga salitang naririnig ko. Napatingin ako sa SUV sa gitna ng army trucks. Bumukas ang pinto niyon at ganoon na lang ang panlalambot ko nang makita ko ang tatlong lalaking bumaba mula sa SUV na iyon. Lahat sila ay kilala ko—sila ang mga lalaking namilit sa akin noong araw na sinubukan kong mag-apply ng trabaho sa *Consunji Security*.

Before me stood Ares Consunji, Lukas Consunji, and Hermes Consunji whose eyes seemed to burn my insides. Dama ko ang galit niya. He spoke.

“What did I tell you, Nina?” There was a certain coolness in his voice. He seemed so proud of himself. “I’m always a hundred steps ahead of you,” he grinned. “Take them,” utos niya sa mga sundalo.

I just closed my eyes and sighed.



Hindi maampat ang luha ko nang umagang iyon. Suwerte kong matatawag ang paggising sa tabi ni Artie sa loob mismo ng bahay namin. Niyakap ko ang anak ko. Wala siyang kaalam-alam sa mga nangyari kagabi. Sa dami ng stress at takot na naramdaman ko at ni Nanay ay tulog na tulog si Artie sa tabi namin.

Wala namang ginawa sa akin si Hermes. Inihatid niya lang kami sa bahay kasama ng isang dosenang sundalo sa truck. Buti at gabi dahil kung maliwanag na ay sigurado akong pag-uusapan na naman kami sa baranggay at iyon ang pinakaayokong mangyari

sa lahat.

Hinagkan ko si Artie sa noo at saka lumabas ng silid namin. Natagpuan ko si Nanay na nakatayo sa altar at nagdadasal. Tulad ko ay umiiyak din siya. Tiningnan niya ako.

“Kung ibigay na lang kaya natin ang bata, Nina?” Nanlaki ang mga mata ko sa narinig mula kay Nanay.

“Agad? Nanay, ano si Artie? Tuta na kailangang ipamigay? Anak ko siya!”

“Hindi mo siya anak, Nina. Pamangkin mo lang si Artemis. Si Nita ang nanay ng bata at si Hermes ang ama! Tanggapin mo na ang katotohanan na wala kang karapatan sa bata.”

“Pinakitaan lang kayo ng isang dosenang sundalo, natakot naman kayo?! Eh, ano kung meron silang ganoon? Ano kung mayaman ang pamilya niya? Hindi ko isusuko ang pagiging ina ko sa anak ko! Oo, Nanay, natatakot ako dahil hindi ko kaya ang ganoong klaseng tao, but it’s the love that I have for my daughter that keeps me going! Kung sa inyo nangyari, ibibigay ninyo na lang ba ako basta?” maluha-luhang wika ko. Napailing ako, hindi ko ibibigay si Artie sa lalaking iyon.

“Ano’ng balak mo? Alam mo bang may anim na lalaki sa labas? Ang pakilala nila ay dati nilang kasama si Hermes sa serbisyo. Babantayan daw nila tayo dahil baka tumakas ka ulit. Makapangyarihan ang kinakalaban mo, Nina. Consunji sila!”

“So? Quatana ako! Ang turo sa akin ng tatay ko, huwag paaapi! Kahit na gaano kalaki ang tao, kung nasa tama ako, lalaban ako!”

“Pero hindi mo anak si Artie, Nina. Sabihin na lang natin sa bata ang totoo, na si Nita ang kanyang tunay na ina at si Hermes ang ama.”

“Hindi ma—”

“Ampon ako?”

Parang tumakas ang katinuan sa buong pagkatao ko nang marinig ko ang maliit na tinig na iyon mula sa aking likuran. Nanginginig ang boses na iyon. I slowly turned around and I saw my little girl holding her pink teddy bear while crying. Kagat-kagat niya ang kanyang labi.

“H-hindi ikaw ang m-mama k-ko, Mama?” lumuluhang tanong niya sa akin. Pinunasan niya ang kanyang luha. “Mama, nag-lie ka?” Pupungas-pungas pa siya. “Iyong classmate ko na si Sandara dati, s’abi din ni Teacher na ampon siya. Katulad ko din ba siya?”

Huminga ako nang malalim at saka nilapitan siya. Kinuha ko ang kamay niya at lumabas kami ng bahay. Iniupo ko si Artie sa ikatlong baitang ng hagdanan at saka pinahid ang mga luha niya. Pero hindi ko maampat ang luha sa kanyang mga mata. Nasasaktan ako. Mahal na mahal ko si Artie.

“M-Mama, a-ampon b-ba talaga ako?” humihikbing tanong niya. Umiling ako. “P-pero

n-narinig ko, h-hindi i-ikaw ang M-Mama ko...” Umiyak na naman siya.

“M-maaaring hindi ako...” Napakasakit sabihin ng katotohanan. “Maaaring hindi ako ang tunay na mama mo, pero anak kita.”

“Nasaan ang mama ko?”

I took a deep breath. Hinaplos ko ang mukha ni Artie. “Her... her name is Serenity Quatana. Nita for short. Kakambal ko siya.”

“N-nasaan siya? B-bakit w-wala s-siya dito? H-hindi niya ba ako mahal?”

“Be, walang mama na hindi mahal ang kanyang anak.” Ngumiti ako. Pilit ko siyang pinakakalma.

“Mama, bakit po ganoon? Ang sakit po ng heart ko...”

I lost it. I just cried while looking at her pretty face. Hilam na hilam na ng luha ang mga mata ko, ganoon din siya. Hindi nagtagal ay umaatungal na si Artie. Ang sakit pakinggan ng palahaw niya. How could a six-year-old girl like her feel the pain of an adult? Iyon ang problema sa mga sobrang matatalino. Masyadong mabilis para sa kanila na intindihin ang mga bagay-bagay.

“Mama, masakit po. A-ayaw po yatang tanggapin ng heart ko na hindi ikaw ang mama ko...”

“Oh, God!” I whispered. Hinatak ko ang kamay ni Artie at saka niyakap siya nang napakahigpit. “Be, makinig ka kay Mama, ha?” I cupped her face. Alam

kong tinitingnan kami ng mga lalaking pinadala ng demonyong si Hermes Consunji, pero wala akong pakialam.

“Ako.” I smiled while wiping her tears. “Ako ang mama mo. Hindi man ako ang nagluwal sa ’yo, mahal na mahal kita. Hindi magbabago ang samahan natin kasi itinuring na kitang anak ko. You’re my daughter. Iniluwal ka ng puso ko.

“And yes, ’be, you are too young for this heartache, but Mama will do everything to take care of you and I’ll make sure that no one can harm you. Okay? Mama loves you so much,” sabi ko habang lumuluha.

Kahit paano ay humina ang palahaw niya. Masakit ang katotohanan pero naisip kong mas mabuti na rin na nalaman na niya iyon ngayon kaysa sa matagal na panahon pa. Mas malaki ang posibilidad na kamuhian niya ako pagdating ng panahon.

“Mama, gusto kong makita ang tunay kong mama.” Tumingin siya sa akin. Napangiti naman ako.” Titigan mo ako, para ka na ring nakatingin sa kanya.” I kissed her forehead. She nodded.

“Ang papa ko? Buhay pa siya?”

Huminga ako nang napakalalim. I opened my mouth to say something when she spoke.

“Si Hermes po ba ang tatay ko? S’abi kasi ni Lola kanina, narinig ko, Mama.” I just bit my lower lip. I smiled at her.

“Why do you have to be so smart, ’be?”

“Is it a yes?” she asked again. Wala naman akong magagawa kundi ang tumango.

“Mama, ayaw kitang masaktan.”

“Alam ko, 'be. I love you so much.” I kissed her forehead again.

“And I love you, too, Mama...”